Helping our Helpers

Isang panlipunang inisyatiba ng:

Parkway Laboratories



# May mga screening para sa kanser sa kwelyo ng matris, nang walang bayad, para sa mga banyagang kasambahay

*Mayroon ilang pagsusuri o screening tests na makukuha nang first-come, first-served*

## Mga FAQ para sa mga kasambahay

### Ano ang Programang Helping our Helpers?

Ang Helping our Helpers ay isang programang nag-aalok ng mga screening para sa kanser sa kwelyo ng matris (cervix) nang walang bayad para sa mga banyagang kasambahay sa Singapore.

### Bakit dapat akong sumali sa programang ito?

Halos ganap na maiiwasan ang kanser sa cervix sa pamamagitan ng screening at pagpapabakuna.[1]

Bilang isang abalang babae, maaaring makalimutan mong alagaan ang iyong sariling kalusugan. Gayunpaman, sa pamamagitan ng pag-aalaga sa iyong sarili at pagsali sa mga programang gaya ng Helping our Helpers, magagawa mong patuloy na maalagaan ang iyong pamilya. Ang kanser sa cervix ay pangatlo sa pinaka karaniwang kanser na nakakaapekto sa mga kababaihan sa Pilipinas at pangalawa sa pinaka karaniwang sa mga kababaihan sa Indonesia, India at Myanmar.[2]

### Ano ang pagsusuri o screening test para sa kanser sa cervix?

Ang pagsasagawa ng screening at maagang pagtuklas ay isa sa mga pinakamainam na paraan para maprotektahan ang iyong sarili laban sa kanser sa cervix.

Mayroong dalawang uri ng pagsusuri o screening tests: Pap test at pagsusuri para sa high risk o pinakadelikadong Human Papillomavirus (HPV). Natutukoy sa Pap test ang mga pagbabagong naganap sa mga cells ng cervix.[3] Gayunpaman, pwedeng malaman sa pagsusuri para sa high risk o pinakadelikadong HPV kung may panganib na magkaroon ka ng kanser sa cervix bago pa may makitang anumang hindi normal sa Pap test.[4]

Mas sensitibo ang pagsusuri para sa high-risk o pinakadelikadong HPV kumpara sa Pap test para sa pagtukoy sa posibilidad ng kanser sa cervix.[5]

Inaalok ng programang ito ang libreng screening para sa kanser sa cervix gamit ang pagsusuri sa high risk o pinakadelikadong HPV.

### Paano isinasagawa ang pagsusuri sa HPV?

Ang pagsusuri para sa HPV ay isang simpleng pagsusuri na isinasagawa sa paraang katulad ng Pap smear.

### Masakit ba ang pagsusuri?

Ang pagsusuri sa HPV ay aabutin lang nang ilang minuto. Hindi ito masakit, ngunit maaaring makaramdam ka ng kaunting kawalan ng ginhawa o pressure kapag binuksan ng doktor o nars ang speculum sa loob ng katawan mo.

### Ano ang ibig sabihin ng negatibong resulta ng pagsusuri para sa HPV?

Ang negatibong resulta ng pagsusuri para sa HPV ay nangangahulugang mababa ang posibilidad mong magkaroon ng kanser sa cervix sa loob ng susunod na 5 taon.[6] Sa pamamagitan ng pagsusuri at pag-alam ng resulta, makakapag-ingat ka at mababawasan ang panganib mong magkaroon ng kanser sa cervix.

### Ano ang kahulugan ng positibong resulta ng pagsusuri para sa HPV?

Mahalagang maintindihan na ang positibong resulta ng pagsusuri para sa HPV ay hindi nangangahulugan na tiyak nang may kanser ka sa cervix; gayunpaman, nangangahulugan ito na mas mataas ang posibilidad mong magkaroon ng ganitong karamdaman.[6]

Sasabihin ng iyong doktor kung ano ang susunod mong gagawin.

### Kung positibo ang aking resulta, makakapag patuloy ba ako sa pagtatrabaho?

Oo, makakapag trabaho ka pa rin. Sasabihin sa iyo ang mga susunod na hakbang at/o mga follow-up depende sa iyong mga resulta.

### Malalaman ba ng sinuman na nagpasuri ako? Kailangan ko ba itong sabihin sa aking employer o sa MOM?

Ang mga resulta ay pribado at kumpidensyal.

### Kailangan ko bang magbayad para sa anumang paggamot?

Walang bayad ang iyong appointment at screening para sa kanser sa cervix gamit ang pagsusuri para sa HPV.

Gayunpaman, mahalagang suriin ang iyong health coverage kung sakaling mangailangan ka ng karagdagang panggagamot

### Ano ang kailangan kong gawin bilang paghahanda para sa pagsusuri para sa HPV?

Maaaring gawin ang mga sumusunod na hakbang para tiyaking magiging maayos ang pagsusuri.

- Iwasan ang pakikipagtalik, paggamit ng douche, o paggamit ng anumang gamot sa puwerta o mga spermicidal foam, cream o jelly sa loob ng dalawang araw bago ang pagsusuri.
- Ipa iskedyul ang iyong appointment pagkatapos ng iyong buwanang regla.

### Kailan ko makukuha ang mga resulta?

Matatanggap mo ang mga resulta ng pagsusuri sa loob ng 2 hanggang 3 linggo.

### Kailan at saan ako maaaring pumunta at magpasuri?

Maaari kang pumunta sa alinman sa anim na lokasyon: Bethesda Medical @ Ang Mo Kio, Beach Rd, Macpherson, Margaret, Toa Payoh o Yishun.

**Tuwing Huwebes mula 10am hanggang 12pm.**

## Maging bahagi ng programang Helping our Helpers at magpa-appointment ngayong araw!

### Mangyaring banggitin ang "Programang Helping our Helpers" kapag nagpapa-appointment.

**Bethesda Medical @ Ang Mo Kio**
Blk 709 Ang Mo Kio Ave 8 #01-2583 Lot A, S560709
**Telepono: 6428 6084**

**Bethesda Medical @ Beach Rd**
152 Beach Rd, #03-08 Gateway East, S189721
**Telepono: 6299 5398**

**Bethesda Medical @ Macpherson**
Grantral Mall, #01-03/04, 601 Macpherson Road, S368242
**Telepono: 6904 6678**

**Bethesda Medical @ Margaret**
38 Margaret Drive #02-03, S141038
**Telepono: 6322 3886**

**Bethesda Medical @ Toa Payoh**
Blk 500 Toa Payoh Lorong 6, #04-33, Toa Payoh Hub, S310500
**Telepono: 6253 5600**

**Bethesda Medical @ Yishun**
Blk 293 Yishun St 22 #01-223, S760293
**Telepono: 6428 6081**

**Mayroon ilang pagsusuri o screening tests na makukuha nang first-come, first-served**

Para sa karagdagang impormasyon, pakibisita ang:

go.roche.com/hoh2024

**Sanggunian: 1.** Centers for Disease Control and Prevention. Cervical Cancer is Preventable. Makikita sa: https://www.cdc.gov/vitalsigns/cervical-cancer/[huling na-access noong Abr, 2024] **2.** World Health Organization. Population factsheets Nakuha noong Abril 17, 2024 mula sa https://gco.iarc.fr/today/en/fact-sheets-populations#countries **3.** Medline Plus. Pap Smear Nakuha noong Abril 18, 2024 mula sa https://medlineplus.gov-/lab-tests/pap-smear/ **4.** American Cancer Society. HPV and HPV Testing Nakuha noong Abril 18, 2024 mula sa https://www.cancer.org/cancer/risk-prevention/hpv/hpv-and-hpv-testing.html **5.** Leyden WA, Manos MM, Geiger AM, et al. Cervical cancer in women with comprehensive health care access: attributable factors in the screening process. J Natl Cancer Inst. 2005;97:675-683. 9. Andrae B, Kemetli L, Sparén P, et al. Screening-preventable cervical cancer risks: evidence from a nationwide audit in Sweden. J Natl Cancer Inst. 2008; 100(9):622-629. **6.** Cancer Council Australia. What does my test result mean? Nakuha noong Abril 18, 2024 mula sa https://www.cancer. org.au/cervicalscreening/i-am-over-25/what-does-my-test-result-mean

*Sa pakikipagtulungan sa:*

Bethesda MEDICAL

KK Women's and Children's Hospital SingHealth

SCCPS The Society for Colposcopy and Cervical Pathology of Singapore

IGCS INTERNATIONAL GYNECOLOGIC CANCER SOCIETY

Roche

REF: MC-SG-00331, JUN/2024